Makialam. Makibahagi. Mabilang.

Ang Iyong **Gabay** sa Senso 2020 para sa komunidad ng LGBTQI

Bakit ko kailangang lumahok sa senso?

Ang Los Angeles ay isa sa mayroong pinakamatataas na porsiyento ng mga taong kinikilala ang kanilang sarili bilang bahagi ng komunidad ng LGBTQI sa Los Angeles. Kung hindi tumpak ang pagkabilang sa komunidad ng LGBTQI, magkakaroon ng mas kaunting pera para sa mga kritikal na serbisyo at programa na nagseserbisyo sa komunidad ng LGBTQI, kabilang ang mga sentro ng kalusugan sa komunidad, pangangalagang foster, at mga serbisyo para sa mga walang tirahan. Ikaw ay mahalaga at karapat-dapat na maisama sa bilang.

Ano ang itinatanong ng senso tungkol sa kasarian at oryentasyong seksuwal?

Kasama sa survey ng senso ang isang direktang tanong na nagtutukoy sa kasarian ng bawat tao sa isang sambahayan, ngunit hindi kabilang dito ang mga tanong tungkol sa pangkasariang pagkakakilanlan o oryentasyong seksuwal. Sa unang pagkakataon, itinatanong nito ang mga may kapareha na naninirahan sa iisang sambahayan kung sila ay "magkaparehong kasarian" o "magkasalungat na kasarian" na kasal o hindi kasal na asawa/partner.

Sino ang kailangang mabilang?

Anuman ang kanilang edad, relasyon o kalagayan sa pagkamamamayan at imigrasyon status, lahat ng nakatira sa inyong sambahayan ay dapat na maisama sa bilang, kasama ang mga partner na may pareho o magkasalungat na kasarian, kinakapatid na anak, inampon na anak, at sinumang madalas na nakatira doon hanggang Abril 1, 2020 (Araw ng Senso).

Ano ang mangyayari kung hindi ko sinagot, o hindi ko masagutan ang bawat tanong sa survey?

Maisasama ka pa rin sa bilang kung hindi, o hindi mo kayang sagutan ang bawat tanong. Gayunpaman, hinihikayat ka naming tumpak na sumagot ng maraming tanong hangga't makakaya upang matiyak na ang iyong datos ay tama. Kapag naiwan na walang sagot ang mga tanong, susubukan ng Kawanihan ng Senso ng U.S. na sagutan ang kulang na impormasyon gamit ang mga datos mula sa mga sekundaryang pang-administratibo o ikatlong-partidong mapagkukunan.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, makipag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

Eric Garcetti @MayorOfLA

census.lacity.org

#2020Census